http://thepoc.net/thepoc-features/pinoy-lgbt/pinoy-lgbt-features/7497-libay-linsangan-cantor.html Go
MAY JUN JUL
13
2009 2010 2011
1 capture
13 Jun 2010
About this capture



# Paano ba bumoto ang isang lesbiyana?

Monday, 07 June 2010 08:09 PM | Libay Linsangan Cantor

Share this | Export PDF | Print | E-mail

Paano nga ba bumoto ang isang lesbian, gay, bisexual o transgender (LGBT) na mamamayan ng Pilipinas? Simple lang – kung paano din bumoto ang iba pang mamamayan ng bansa.

Tulad ng karamihan sa mga nag-aaral at masusing sinusundan ang mga kaganapan sa larangan ng pulitika sa bansa, ang mga miyembro ng LGBT community ay masugid ding sumusubaybay sa mga nangyayari sa Kongreso at Senado ng bansa, lalo na't may mga hinahain ang mga binoto naming kandidato—o ang mga hindi namin binoto lalu na—na mga bill o panukala na makakabuti o makakasama sa aming komunidad sa legal na pamamaraan.

bumoto2 forpoc

Bilang babae unang-una, ang lagi kong sinusundang mga isyu ay ang mga makakaapekto sa mga kababaihan. 'Ika nga sa salitang NGO o non-government organization, ang mga isyu ng "ka-women-an" ang una kong sinundan nang una akong mamulat bilang mamamayang may karapatang bumoto nang ako ay naging 18 years old na. Noong panahong una akong bumoto noong 1992, wala pa kasi sa consciousness ko ang pagiging lesbiyana kaya't mga isyung malapit sa akin bilang isang babae ang aking sinundan. Inaral ko kung sino ang mga kandidatong nagdadala ng kabutihan ng mga kababaihan sa kanilang plataporma. Noong panahong iyon, madali itong makita dahil sa kasamaang palad, kakaunti lamang sa mga ito ang may tahasang sinasabi tungkol sa mga kababaihan. Ang mga isyung sinusundan ko noong panahon na iyon ay kadalasa'y pumapatukoy sa iba't ibang porma ng

PINOY LGBT VIDEOS

Get the Flash Player to see this player.
Disclaimer

Opinions
Features
News

PINOY LGBT RSS

- Of Proms Kings and Queen, Stoles and a Little Bit of Pride on the Side...
- Justice Dept. Memo: Prosecute Same-Sex Domestic Violence Cases - EDGE Boston
- Suburban Anti-Gay Group Launches "Truth Academy" - Chicagoist
- DVtv: DPD Chief David Brown at Sue Ellens - Dallas Voice
- SAM SAYS|When looking for a gay-friendly resort, the choices are endless - Kawartha Media Group
- Madison's gay community has found structure and support through sports - Wisconsin State Journal
- UCSD hospital hosts celebration in Hillcrest - Gay and Lesbian Times
- Cheryl's Stone celebrates 10 years - Gay and Lesbian Times

karahasan laban sa kababaihan tulad ng rape o panggagahasa at pambubugbog o domestic violence.

Nang mamulat naman ako bilang isang lesbiyana, nalihis ng kaunti ang mga isyung sinundan ko, pero di pa rin ito nawawala sa obhetibo ng mga kawomenan – ang diskriminasyon base sa kung sino ka, na kunektado sa kasarian. Nadagdagan na lamang ito di lamang ng kasarian o gender kundi pati isyu ng sexual orientation ay tiningnan ko na rin dahil sakop nito ang pagiging lesbiyana ko.

Nang makakilala ako ng mga lesbiyanang may malalimang pulitikal na pananaw, dito ko nakita ang pagkilos ng LGBT movement na tinagurian, o ang mga miyembro ng LGBT community na tahasang lumalaban para sa pantay na karapatan para sa mga LGBT sa Pilipinas. Iba't iba ang porma ng paglalabang ito kung kaya't minabuti ko ring aralin ang mga isyung isinusulong ng iba't ibang grupo.

Isa sa mga pinaka-una at patuloy pa ring isinusulong ng komunidad ay ang pagpasa ng tinaguriang Anti-Discrimination Bill (ADB), ang bill o panukala na naglalayong bigyan ng karampatang parusa ang sinumang magpapakita o gagawa ng anumang diskriminasyon sa isang mamamayan ng Pilipinas dahil lamang sa kanyang pagiging bakla, lesbiyana, bisexual o transgender. Nauna itong nai-file ni Rep. Loretta Ann Rosales bilang House Bill No. 9095 sa ikalabing-anim na session ng Kongreso. Maganda ang adhikain ng bill na ito dahil sa wakas, ang isang bading na tinanggal sa trabaho dahil bading siya, ang isang lesbiyanang pina-rape dahil sa kanyang pagiging lesbiyana o ang isang transgender ay pinalabas sa isang lugar dahil lamang sa siya ay isang transgender ay maaari nang lumaban nang patas sa mata ng batas, at maaari nang mapatawan ng parusa ang mga nananakit o nanghahamak sa mga miyembro ng LGBT community.

Napakaganda sana kung maipapasa ang panukalang ito. Pero sa kasamaang palad, hindi ito umusad noon dahil sa maraming mga konserbatibong tao at grupong humarang dito, maliban pa sa medyo mahaba-habang proseso ng pagpasa ng isang panukala para maging isa itong batas sa Piipinas. Kaya't noong ikalabintatlong session ng Kongreso, inayos ito bilang resulta ng kontribusyon ng mga tao at muling nai-file bilang House Bill No. 634. Dahil sa mas naging pulido na ang bersyon na ito, pinamagatan itong "An act prohibiting discrimination on the basis of sexual orientation and gender identity and providing penalties therefor." Si Rep. Rosales ng Akbayan partylist ang muling nag-file nito.

Masuwerte naman at nagkaroon ng counterpart bill ito sa Senado, dahil kailangan iyon para maipasa ito bilang batas. Doon naman, ang bill ay kilala bilang Senate Bill No. 1738 na nai-file ni Senador Ramon "Bong" Revilla Jr. noong ikalabintatlong session din ng Senado. Pero hanggang ngayon na magkakaroon na ang bansa ng panibagong mga tao sa Kongreso at Senado, hindi pa rin gaanong umuusad ang talakayan para sa bill na ito.

Dahil sa ang Akbayan partylist ay tahasang naglalahad ng kanilang suporta sa LGBT community noon pa mang nagsimula sila, sila na ang sinuportahan kong partylist group mula nang mamulat ako bilang lesbiyana. Marami rin sa LGBT community ang sumuporta sa kanila dahil sa rasong ito. Pero isa lamang ang LGBT issues sa iba't ibang isyu na kanilang dinadala. Kaya't nitong nakaraang eleksiyon, doon naman ako sumuporta sa Ang Ladlad partylist na masasabi nating isa sa mga naging kontrobersyal na grupo sa nakaraang eleksiyon.

Ang grupong ito ang nagsabing isusulong din ang ADB at naglahad din ng platapormang mas tutok na sa pangangailangan ng LGBT community. Dahil sa alam ko namang marami pa ring taga-suporta ang Akbayan kaya mananalo pa rin ito, doon ako sa Ang Ladlad sumuporta ngayong taon dahil sa mas tutok na ang grupong ito sa mga isyung direktang nakakaapekto sa akin at sa mga miyembro ng LGBT community. Sayang nga lamang at dahil sa naunang pag-diskwalipika sa grupo, natagalan pa bago naaprubahan ang apela ng grupo sa pagtakbo; kakaunting panahon na lamang tuloy ang naiwan dito para sa pangangampanya. Gayumpaman, nakakuha pa rin ang Ang Ladlad ng lampas ng kaunti sa 100,000 na boto, pero di sapat para manalo ito ng isang upuan sa Kongreso.

Sa muling pagtakbo ng mga kandidato sa susunod na eleksiyon, ganito pa rin ang paraan ng aking pagboto. Titignan ko kung nasaan na ang progreso ng ADB (ito ay kung di pa ito maaaprubahan sa parating na session) at titignan ko rin kung sinu-sino sa mga nais ng boto ko ang may platapormang magsusulong ng kabutihan para sa amin sa LGBT community. Marahil ay napapanahon na para tignan ng mga mambabatas na ang LGBT community ay isa ring "voting bloc" na dapat magkaroon ng representasyon sa gubyerno at proteksiyon ng batas. Tignan natin kung ano ang mangyayari sa darating na mga buwang ito. //

*Libay Linsangan Cantor is a Palanca-award winning fictionist and a scriptwriter of children's TV shows. You can email her at leaflens@gmail.comleaflens@gmail.com .*

*Photo by Libay Linsangan Cantor, c/o www.leaflens.blogspot.com. Some Rights Reserved.*

Add this page to your favorite Social Bookmarking websites

## Comments

Add New

**Disclaimer:** Comments posted here reflect our readers' views and not the opinion of The Philippine Online Chronicles.

**Write comment**

Name:

Email:

W2rQw

Send

Please input the anti-spam code that you can read in the image.



Content licensed under Creative Commons by-nc-sa-3.0 Philippines
Attribution-Noncommercial-Share Alike 3.0 Philippines